Asapran

POPE PAUL

Asapran

POPE PAUL

Copyright © 2026 ni Pope Paul
All rights reserved.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, kopyahin muli, o ipamahagi sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-akda, maliban sa maiikling sipi para sa rebyu o pagsusuri.

Ang aklat na ito ay isang orihinal na likha ng may-akda. Anumang pagkakatulad sa tunay na tao, pangyayari, o sitwasyon ay maaaring nagkataon lamang maliban kung tahasang binanggit.

Self-published in the Philippines.

Unang edisyon, 2026

Ginawa at inayos ng may-akda

PAG-AALAY

Alay sa mga naghahanap ng kulay sa gitna ng nangungulilang mundo
Para sa mga pusong nagmamahal nang tapat, sa mga matang mapagmasid sa ganda ng simpleng buhay
At sa mga isipang patuloy na nagtatanong at nagninilay-nilay.
Ang mga tulang ito ay hango sa pinakamahalagang hibla ng aking pag-iral.
Katulad ng Asapran, nawa'y mag-iwan ito ng bakas ng pag-asa at pag-unawa sa iyong buhay.

Pope Paul
May-akda

ELEVEL

PREP conj PREP [art] adj NOUN,
adv VERB conj ADV verb
PREP [art] noun;
[art] NOUN verb, VERB [art] noun
CONJ pron ADV ver

Isang hiyas ang sumibol sa pagitan ng mga damo
Ang nagbigay kulay at nagpatingkad sa maputlang kapaligiran
Naantig ang paningin—siya lang kasi ang bukod tangi
Nang aking sadyain
Siya din pala'y nakatingin.

Isang simpleng papuri sa pilak na liwanag
Ang nais niyang ipabatid—ikaw sana'y pumayag
Sinundan ng tingin ang buwan at hindi nagpahuli
Sabay bigkas ng bibig "Ang ganda ng buwan"
Alinlangang pagtingin "Ha?! Ano uli?"

Nakuha mo ba ang talinghagang nakakubli?

…….

Nag-isip, nagsaya, nagmasid, at nagnilay-nilay sa paligid
Naglakbay at namingwit sakay ng bangkang nakatagilid
Unti-unti nang ibinababa ng aking mga kamay ang sagwan
Sa gitna ng malawak na dagat dala ng kangawitan
Minsan ang simpleng pagngiti ng buwan ay siyang patunay
na darating ang mga araw na didilim sa loob ng piitan.

At kung makawala ka mula sa pagkagapos
Dapat magtamo ka ng kasarinlang hindi na mauubos
Balikan mo ang karagatan—magsaya, magnilay-nilay,
maglakbay, at magtuloy-tuloy sa buhay
Dahil darating ang araw na ang buwan ay ngingiti din pagkatapos.

Sa unang pagkakataon lumapat ang panulat sa aking palad
Sa pagaakalang ito'y bahagi ng pakikipaglaro lamang
Hindi man ako ang pinaka—ginagawa ko naman ang pinaka
Sa paglalakbay kong ito ay may kalakip na magandang kapalaran
Hindi man madali ang iyong pagdadaaanan, may hangganan din kung iyong pagsisikapan

Makakatapos ka din!

Wala nang mas pangit pa sa isang sining na hindi nasimulan
Ang sining na hindi naipakita ay hindi maiintindihan ng bata.

May mga batang magaling sa pagtugtog ng instrumento
May mga batang magaling gumuhit o magaling sa sining
May mga batang magaganda ang boses at magaling kumanta
May mga batang sobrang lambot ng katawan at magaling sumayaw
May mga henyong bata gaya ni Sheldon
May mga batang likás na dalubhasa

Pero pansin niyo ba?
Walang bata ang magaling magsulat
Ang ibig kong sabihin, kaya na ba ng isang bata ang magsulat ng mala-poetiko ang datingan?
Kasi ano nga naman ang isusulat niya?—*"Ang aking inay ay hindi ako binilhan ng laruan."*

Marahil ang tula ay tumatalakay sa tunay na pamumuhay.

You should be grateful.
Not everyone gets to be toured around by such a good-looking guide.

-Who?
-Me!

-No way!
- Yes way! I did it!

I like imagining
Better than remembering.

-Anne with an E

Ang tradisyon ay kumokonekta sa atin sa nakaraan
Papaano ang kapalaran?

Sa aking pag-iisa, tuwing gabi ay kapiling ko ang buwan
Papaano mo nasabi na maari mong angkinin ang kanyang puwang?

Oo, minamahal kita.
Iyan ay katotohanan.

Ngunit ikaw ba'y kagaya din ng buwan?
Sa kabila ng mga pagbabago ng panahon ay mananatili ka rin ba?

O magiging isa ka lamang alaalang unti-unting lalamunin ng dilim?

Tulad ng iba…

Maging bagong taong haharap
sa bagong taong hinaharap.

-BLKD

"Patawad."

Yeah. People always say that.

You can't heal…
If you don't let yourself feel.

Let the dead bury the dead this time.

Ano man ang dumating huwag susuko
Pwedeng dumaing, luha ay tutulo
Naisin gumaling at matuto
Hanggang sarili ay iyo mismong mabuo.

Nakilala ko ang isang dalaga na wari'y isang obra maestra
May mga pagkakataong hitik siya sa mga kulay,
tila bahagharing sumasayaw sa sinag ng umaga.

May mga sandali namang mapusyaw ang dating,
wari'y hinaplos ng kalungkutan ang kanyang mga himig.

Kung minsan,
mga mata niya'y mahinhin
sa mga pangarap niyang maningning
Kung minsan naman, kulay puti at dilim.

Ngunit anuman ang anyo ng kanyang mga panahon,
siya'y nananatiling isang marikit na likhang-sining.

Tipikal na lalakeng sinungaling

Siyempre kung ano ang gustong marinig ng tainga at makita ng mga mata ay ipapakita at ipaparinig niya.

Siya naman kilig na kilig, siyempre! Bulag sa nais na makita at bingi siya sa gusto lang pumasok sa kanyang tainga.

Tipikal na babae na puno ng kolorete ang mukha.

Kailangan niyang magningning sa kalagitnaan. Kolorete ang pangunahing sandata at pananamit ng magara.

Siyempre iyon ang nais makita ng kanyang mga mata. Maging pag-aari niya.

You never really understand a person
Until you consider things from his point of view
Until you climb inside of his skin and walk around it
There's a lot of ugly things in this world
I wish I could keep them all away from you

-Killing a Mockingbird

Kung siya'y manatili, ito daw ay pag-ibig
Kapag nauwi sa kawakasan, ito daw ay istorya ng pag-ibig
Pero kung hindi mo nasimulan, ito'y mananatiling habi ng mga talinghaga.

Help…
Asking for help isn't giving up
It's refusing to give up.

-The Boy, The mole, The Fox & The Horse

Sa gitna ng kabiguan at pagkasira
May mumunting sinag na ayaw mamatay
Sapagkat kahit ang wasak na salamin
Nakapagbabalik pa rin ng munting liwanag.

Nasaktan kita
Sasaktan mo na din ako
Hanggang sa magpalitan na lang tayo

Pero ang tag-init ay lilisan at mapapalitan ng tag-lamig
Sabi nila may sakripisyo daw para sa kapayapaan
Upang maging buhay ang sandali, dapat mong harapin ang takot na mawalan.

Kaibigan ang karagatan.

How did humanity come to accept rectangular pieces of pulped trees something to spend eight to ten hours a day working for?

Mostly I live in the past.

Kung nabibili ng salapi ang kinasasabikan ng puso
At mapabuti ang inaasam ng tuso
Ang mga papel ay hindi papel—
Kundi nakahilerang lapida ang nanilay ni Berhel

Sa bawat epitapyong may lagda,
ilan kaya sakanila ang nagsakripisyo ng malubha?
Sa pagaakalang maguuwi ka ng malaking pabor
Baka mapunta lamang yan sa doktor.

Sapagkat ang trabahong minsang naging tanglaw
Ay isa nang balon na madilim
Paulit-ulit na ibinaba ang lubid nang mataimtim
Nagbabakasakaling sa kailaliman ay masasagip
Sa bawat pag-ahon ng lubid ay wala ng pag-asang nakatanaw
Dahil ang dahong nahulog ay unti-unti ng tinangay.

Pamayanang
Payamanan.

Bumabaha ng tulong kapag bumabaha.

PINIPILAS

Neighbors bring food with death
and flowers with sickness and little things in between.

Ang kahiyangan sa hustisya ay walang hustisya.

Ano ang ‘yong pananaw
sa lahat ng mga nangyayari sa Mindanao?

-Gloc 9 (Payag)

Habang ang ibang hari ay naghahanap ng kanilang mapapakinabangan
Ang tunay na hari ay naghahanap ng kung ano ang kanyang maitututlong.

Life so serious I lost my gaming skills
Life so serious I lost my writing skills
Life so serious I lost my drawing skills
Life so serious I lost my guitar skills
Life so serious I lost my singing skills
Life so serious I lost my drinking habit
Life so serious…

Why can't we use nature to be on the winning side of medicine?

Help was not promised.
Only death.

Ipinagkakatiwala ko sa iyo ang susi
ng baul ng mga kayamanang nakasilid ay ang aking kaluluwa
Ang lihim na sisidlang pinagtataguan
ng mga katotohanang hindi kailanman nasilayan ng iba
at ng mga hiwagang tanging ang aking puso lamang ang nakakaalam.

Sa iyong mga palad,
isinusuko ko ang susi ng aking pinaka iingatan.

Hindi ka lamang nagbabasa ng tula para maintindihan
Kailangan mo din itong maramdaman.

Ako nga pala si Edgar, 16 years old, masiyahin ako, palakaibigan din, halos lahat ng kapit bahay namin ay kasundo ko, at tuwang-tuwa sila sa akin. Maliban na lamang kay Buloy. Kasing edad ko lang si Buloy. Madalas kapag binabati ko siya ay tinitignan niya lamang ako. Kahit alukin ko siya ng kendi o pagkain—hindi niya tinatanggap. Mag-isa na lang kasi siya sa buhay at nakikitira na lamang sa kaniyang tiyahin na kapatid ng kanyang ina. Ang kanyang ina ay namatay dahil sa isang aksidente—nadulas ito sa isang ilog nung minsan itong mamalengke (kasi sa lugar nila ay tatawid ka pa ng ilog bago ka makarating sa palengke.), at ang kanyang ama naman ay namatay din sa aksidente habang ito naman ay nagtatrabaho.
Madalas ay pinagiinitan siya ng kanyang tiyuhin (yung asawa ng tiyahin niya) Kaya hindi ko siya masisi kung bakit ganon ang kanyang asta sa ibang tao.

Isang araw nakita ko siyang nakadukdok sa isang gilid. 'Di na 'ko nagdalawang isip na ilibre siya ng pagkain. Baka kako makatulong sa kanya kahit papaano kung may manlilibre sa kanya. Nung una ay ayaw pa niyang tanggapin yung pagkain na inaalok ko, sabi ko "Libre naman yan, 'wag kang magalala." nakangiti kong sinabi. Kinult ko na siya ng kinulit na kainin niya yung pagkain dahil sayang. Di kalaunan ay kinain na din niya. (Ang kulit ko kasi eh. Hahaha!)

Tinanong ko kung bakit ba nakadukdok siya. Ang sabi niya, pinagalitan na naman daw siya ng tiyuhin niya. Lagi daw siyang pinagiinitan nito. Pero ayaw din naman daw ng tiyo niya na lumalabas siya ng bahay dahil wala daw mautusan. Hindi din siya pinayagan na pumasok sa eskwela kahit gustog-gusto niya mag-aral at matuto. Minsan naisip na nga daw niyang layasan ang mga ito, pero wala daw siyang ibang malalapitan at sila na lang daw ang kilala niyang kamag-anak. Mabait naman daw ang kanyang tiyahin at inaalagaan naman daw siya nito. Yung tiyuhin niya lang daw talaga ang problema.

Mabait naman pala siya at naging mabuti kaming magkaibigan. Madalas ko na siyang dinadaanan sakanila upang makipagkwentuhan at kumustahin man lamang siya. Minsan nanonood kami sa cellphone ko ng kung anu-anong mga videos sa facebook o tiktok. Wala kasi siyang cellphone, bukod pa doon ay wala din TV

sakanila, kaya wala siyang mapaglibangan. Kung minsan daw ay nakikinood na lamang siya sa mga pinsan niya kapag gumagamit ang mga ito ng tablet na hiniram lang din mula sa magulang ng mga bata.

Madalas niya 'kong ayain manood ng basketball sa cellphone ko. Sabi niya gustong-gusto daw talaga niya makapaglaro ng basketball. Idol daw niya si Michael Jordan at Kobe Bryant. Sakto! May ligang paparating ang aming lugar—Inter Barangay 'yon! Kaya naisip ko siyang ayain na manood ng laro sa susunod na linggo kasi lalaban ang barangay namin at papanoorin ko sila maglaro.

"May liga sa may plaza at kasali ang team ng barangay natin. Kung gusto mo sumama ka sa akin. Manonood tayo ng Basketball! Sa kabilang barangay lang 'yon." sabi ko sa kanya.
"Titignan ko… baka kasi hindi ako payagan ng tiyo ko. Alam mo naman diba?" malungkot niyang pagkakasambit. Sabi ko, "Akong bahala sa'yo! Magpapaalam tayo!" nakangiti kong sinabi.
Kaya dali-dali ko siyang sinamahan at pinagpaalam ko siya, pumayag naman ang tiyahin niya. Pero alanganin ang tiyuhin niya. Pero dahil mabait ako at mahal ko ang aking neyborhud, pumayag din ang tiyuhin niya. Kaya tuwang-tuwa si Buloy kasi makakanood na siya ng basketball at hindi lang 'yon—makakagala pa siya sa plaza. Payo ko sa kanya, basta magpakabait lamang siya sa kanyang tiyuhin para di magbago ang isip nito.

Ngunit nung araw na manonood kami sa liga, ako na lang mag-isa ang nakapunta. Ako na lamang ang mag-isa ang nakapanood. Wala akong kasama papunta at wala din kasama pauwi. Hindi niya naantay ang isa sana sa pinaka masayang mangyayari sa aking buhay. Wala na si Edgar, tuluyan siyang nilamon ng kalugmukan at kalungkutan. Tinalikuran niya ang mundo dahil hindi niya kinaya.
Edgar, salamat sa mumunti mong alaala. Ikaw ang una kong naging matalik na kaibigan.

Sana nilapitan mo 'ko Edgar! Sana dumaan ka sa bahay baka sakaling maramdaman ko ang kalungkutan na iyong dindala! Sana kumatok ka sa bahay kahit tulog na 'ko—gigising ako para sa'yo. Sana naitanong ko man lamang kung ano ang iyong kalagayan—nakumusta man lamang sana kita. Sana! Baka magbago pa ang lahat. Sana! Kung maibabalik ko lang ang oras, kaya lang hindi na maaari. Sana!

Dahil walang emosyon ang depresyon.

It was her idea that we go on a date.
My answer was,
"Of course! Why wouldn't I?"

We met at the town plaza,
and in her arms were two tiny kittens.
She smiled and told me they were mine to keep.

My gaze lingered on them—
wondering why she had chosen to give them to me.
Did those little creatures carry a message
hidden beneath their soft fur and gentle eyes?
Or was I merely weaving meanings
into a gesture that was never meant to be more?

Perhaps it was a sign.
Or perhaps it was only my heart,
turning a simple gift into a thousand unanswered questions.

Halos lumuhod ako dahil sa mga huli kong nasabi
Ang mga labi kong muntikang magbahagi
"Pakiusap! Mahalin mo ako!" ngunit sa halip ay kinagat ko ang aking dila
Nalasahan ang dugo, nilunok ang mga salita
Tila isang punyal sa dibdib
Ngunit hindi 'sing sakit ng pagsusumamo
sa iyong pagtanggi sa inalay kong pag-ibig.

Kaya't tumigil ako sa pagsusumamo para hindi na masubsob
sa pag-ibig na dapat sana'y kusang ipinagkakaloob

The house remembers footsteps you erased,
dust settles where your voice once stayed.
Candles burn with borrowed breath,
learning slowly the shape of death.

Doors remain, but never yield,
knuckles bruise on secrets sealed.
I speak to walls that lean away,
each second rotting into gray.

I craddle embers dressed as flame,
they look like hope, but feel like shame.
Even the night forgets the stars,
when distance learns to dress as scars.

No endings carved, no words to keep,
just something sinking, wide and deep.
Some things don't break, don't scream, don't fight
they simply lose the will for light.

01-10-26 8:20pm

-You don't have a phone?

-No.

-I love that. I hate phones.

Ilang beses na ba 'ko nagsulat ng tula
para lamang hindi ko mailahad ang aking galit?

Nakakapikon talaga kapag tadhana ang nagbiro.

I often think the night is more alive
and more richly colored than the day.

-Vincent Van Gogh

I'm hurting u
Cuz I luv u.

Man, I don't understand people.

The sea offers an escape.

Hayaang puso'y maging isang libingan
ng mga salitang hindi binitawan.

You are the moon in my memory's deep sea
Shining in darkness, witnessed only by me
While I am a wave to the shore tightly chained
Reaching for your light, though to touch it is in vain.

Yumayapak ako sa talulot ng sining
Upang ang pagsinta'y hindi na mabatid
Ako'y isang aninong laging umiindak sa himig ng nakikinig
sa gilid ng iyong maningning na daigdig.

You are a poem that was never penned

A silent symphony that could not transcend

The darkness bears witness to the tears I hide

And every plea born from the ache inside.

Ang desisyon ng iyong puso ay hanapin siya
Ngunit siya'y nakatitig na kanina pa.

I still could've healed what we'd begun
and stitched the wounds one by one.
But you chose to walk away instead
Leaving our love among the dead.

Walang mga ibon, walang mga hayop, ni mga isda
Maliban na lamang…
Noong nakaraan, nakakita ako ng isang kunehong may dalawang mukha
Isang ibong iisa ang mata
at isang isdang nababalutan ng balahibo.

Ang radyasyong kumalat sa lupaing iniwan
nagbigay ng sugat sa bawat halaman
Ang mga bulaklak na sagisag ang kagandahan
Ngayo'y salat sa hubog at kariktan.

Ngunit hindi lamang sila ang naging biktima ng kapinsalaan
Maging tao'y naging bihag ng kapalaran
Masdan mo ako at iyong pagmasdan,
ako ang larawan ng kanilang sinapit na kapalaran.

Ask
Listen
Observe
Help
Ask again.

For love that cages is possession
But love that frees is devotion.

Kay pait na sa sandali ng pamamaalam pa nagiging pinaka matingkad ang pag-ibig.

I am rewriting my pages, but the ink dries with the bitter truth
that the closure of the wound is the ultimate slamming of our book.

Ang pluma'y wari bang batis na umaagos sa dilim
Nagpapadaloy ng kirot sa papel na tahimik at taimtim
Habang ang buwan ay nakamasid sa langit na maputla
at ang mga bituin ay tila sugat na kumikislap pa.

Sapagkat may mga dalamhating hindi kayang isigaw
Ngunit sa katahimikan ng tula'y kusang humihiyaw.

May kagubatang hindi natatanaw sa mapa
na nilalakaran ng hanging salat sa himala
Ang mga punò'y nakayukod sa bigat ng gunita
Tila santuwaryong panulat na naubusan ng tinta.

Sa pusod ng gubat ay may balong napakalalim
Hindi tubig kundi katahimikan ang 'yong madidinig
Kapag sumilip ka roon, mukha mo'y maglalaho
at ang 'yong masisilayan ay isang malaking anino.

May mga bulaklak na hirap ding mamukadkad
Kahit binabasâ ng ulan at ang sikat ay sumadsad.

Kaya't nananatili ang gubat sa walang hanggang takipsilim
Kinakanlong ang mga pangarap na naging salamin
at sa bawat salaming basag ay may tahimik na tinig
Isang awit ng pusong buhay pa, ngunit hirap nang madinig.

May ilog sa aking isip na hindi umaagos kundi umiikot-ikot
Waring ahas na binigkis ang sarili at unti-unting nilalamon ng kirot
Bawat alon ay bulong ng mga pangarap na naaagnas sa kawalan
Bawat pusod ng tubig ay libingang walang pangalan.

Kaya't kung ako man ay manatiling sugatan sa paglalakbay na ito
Hahayaan kong ang mga taludtod ang maging munting tanglaw ko
Hanggang sa isang araw—mula sa mga gumuhong mapait
May bagong punong sisibol sa lupang dating tigang at tahimik.

Sapagkat kahit ang pinakamahabang gabi ay hahantong din sa umaga
at kahit ang pinakamatinding unos ay mapapagod ding manalasa.

Sundan mo ang magandang tinig.

Ipikit mo ang iyong mga mata
At doon mo makikita. :)

Even the sweetest bee cannot make beautiful music upon the wrong flowers.
Bzzzzz… bzzzzz… bzzzz…

Noong taon ng nobenta iba ang ingay sa tuwing may nagaganap na pagdiriwang. Iba ang ingay tuwing may kaarawaan ang kapit bahay namin. Iba ang ingay tuwing pasko, bagong taon, at kung ano pa. Ilang araw bago sumapit ang unang araw ng nobyembre marami na ang natutulog at tumatambay sa loob ng sementeryo. Maraming bata ang naglilibot sa loob ng sementeryo. Tuwing pasko ay maraming bata ang naglalaro ng sari-sarili nilang mga laruan dahil nakatanggap sila ng regalo at pagpasok pa lamang ng "Ber" months ay ramdam na ramdam mo na ang pasko. Yung lamig, yung simoy ng hangin—ibang-iba kumpara ngayon. Pwede ka pa magsuot ng jacket kasi malamig talaga. Di gaya ngayon na kahit december eh hindi ka na makapag suot jacket.

Yung kapit bahay namin tuwing may selebrasyon sila—maingay, masaya, punong-puno ng tawanan. Halos lahat sila naguusap at nagkukwentuhan.

Iba pa ang paningin ko noon para akong may scoliosis na malinaw ang paningin dahil sa kinang ng paligid. Yung sinag ng araw na kulay kahel. Yung hangin noon ibang-iba. Pero ang pinaka maingay sa lahat ay ang bagong taon—lahat gustong magpaputok.

Eh ano ngayon?

Kung mabigyan ako ng pagkakataon na makuha ko ng oramismo ang aking hiling
Gusto kong hilingin na mag-giyera ang Russia laban sa North Korea.
Magpalakasan sila ng mga armas. Tapos mag-giyera din ang Amerika at Tsina.
Pagkatapos ng giyera—isang linggong world peace.
Tapos magkaroon ako ng 1 million dollars.

Naging pihikan sa pag-ibig
Maging sa kaibigan
Napili kong piitan
ay ang sarili kong isipan.

-Loonie (Eskapo)

Hindi bakas ang pagkalunod sa mga taong bihasa sa paglangoy.

At mapalad silang mga nanatiling inosente
sa tunay na daloy ng programa

-Sayadd (Reseta na lukot)

Mangarap ka dahil libre naman ito
Mangarap ka dahil walang imposible
Mangarap ka dahil masarap mangarap
Mangarap ka dahil sa nagaganap ito sa iyong imahinasyon
Mangarap ka kahit sa panaginip ay mangarap ka.

Spill the tea, let the hidden confessions unfold
and tell me the secrets your spirit hold

So speak every word that you've guarded so deep
and wake up the ghosts that you forced into sleep.

Once poured—no careful hand can gather every scattered sea
The stain remains where silence broke the moment we spilled the tea.

Kalam ng kalamnan
Nagkatas-kaalaman

-BLKD

Sinabi ng buwan sa gabing nababalot ng katahimikan
Isulat mo sa tubig ang lahat ng pangalang ayaw ng balikan
Kaya isinatitik ko sa salamin ng ilog ang iyong ngalan
kasabay ng mga pangakong nilamon ng katahimikan.

Sapagkat ang tubig ay hindi marunong magkimkim ng kahapon
hindi nito kinakanlong ang mga aninong ayaw nang makaahon.

Wake up and smell the coffee.

Not my circus
Not my monkeys.

No cuts
No buts
No coconuts.

The cat's out of the bag—the shadows yield
and every hidden scar is now revealed.

Ang bulaklak ay may iba't ibang simbolismo depende sa koneksto, ngunit sa panitikan at tula, karaniwan itong sumasagisag sa: Pag-ibig lalo na ang rosas. Ang kagandahan dahil sa kaakit-akit nitong anyo. Ang kadalisayan gaya ng sampaguita at liryo. Ang pag-asa at panibagong simula dahil sa pamumulaklak nito matapos ang panahon ng paglago. Ang panandaliang buhay o paglipas ng panahon sapagkat nalalanta rin ang mga bulaklak.

Paggalang at pag-alala, lalo na kapag iniaalay sa libingan o lamay.

Pasasalamat at pagpapahalaga, kapag ibinibigay bilang regalo.

Ang bulaklak ay hindi lamang literal na bulaklak. Maaari din itong sumasagisag sa pagkilala, paghanga, pasasalamat, pagmamahal at pagpapahalagang hindi naibigay habang nabubuhay pa ang tao.

Kaya sa mas malalim na pagbabasa ang bulaklak ay nagiging simbolo ng mga salitang hindi nasabi, pagmamahal na hindi naipakita at pagpapahalagang huli nang naibigay.

Ang Asapran na siguro ang pinaka mahal na pampalasa sa mundo.

Ang taong may katangiang tulad ng asapran ay hindi nagpapadala sa agos ng mundo; sa halip, siya ang nagbibigay ng bango, kulay, at kagalingan sa buhay ng mga taong nakapaligid sa kanya. Dahil sa paghilom at pagpapakasakit simbolo ito ng impluwensya at paghilom.

Ang pinakamahalagang bagay sa mundo—gaya ng tunay na pag-ibig, tiwala at tagumpay ay hindi nakukuha sa madaling paraan. Nililikha ito mula sa maliliit, maseselan at paulit-ulit na pagpupursigi. Dahil para makakuha ka ng isang dakot na asapran—libo-libong bulaklak ang kailangan mong pitasin gamit ang kamay. Dahil ang halaga at bawat patak at hibla nito ay simbolo ng dalisay na sakripisyo.

Ang estigmang nasa gitna ng bulaklak ay may itinatagong kulay din. Kapag ito'y iyong pinatayo ay lalabas ang kulay nitong ginto. Ipinapaalala nito na sa likod ng mga mapupusyaw o madidilim na yugto ng ating buhay, may gintong katotohanan at galing na naghihintay lamang matuklasan. Ang natatagong yaman ng kaluluwa ay lihim na ginto sa gitna ng dilim.

Till our next eclipse.

Kung dumating ang huling yugto ng tadhana,
at ako'y tanungin kung sino ang pinakamarikit kong alaala,
ikaw ang pangalang ibubulong ng aking kaluluwa—
ang pag-ibig na hindi nabigkas, ngunit kailanma'y hindi nawala.

Tungkol sa Awtor

Si Pope Paul ay isang ordinaryong tao na may malawak na imahinasyon at maraming tanong tungkol sa buhay, lipunan, at pagkatao. Hindi siya kilala bilang espesyal na tao—isa lamang siyang tahimik na tagamasid ng mundo na ginagawang salita ang mga bagay na mahirap ipaliwanag. Si Pope ay mapagmasid na inilalagak sa pagsusulat ang mga guniguni, agam-agam, at mumunting hibla ng reyalidad na madalas isinasantabi ng karamihan. Sa pamamagitan ng panulat, binigyang-buhay niya ang mga tinig na madalas manatiling nakapiit sa katahimikan. Ang pagsusulat ang nagsisilbing niyang kanlungan mula sa ingay ng daigdig. Ginagamit niya ang pagsusulat bilang daluyan ng kaniyang pananaw, gunita at mga nakakubling saloobin.

Maaari akong makontak sa:

instagram.com/popepaul777
facebook.com/popepaul777

Published in 2026

POPE PAUL

PUBLISHED IN 2026